Mensahe Siyam

## Si Kristo bilang Pagkabuhay na muli at Butil ng Trigo

Babasahin sa Kasulatan: Juan 11:25; 12:23-24; Luc. 12:49-50; 2 Cor. 1:8-9; 4:16; Exo. 25:31-40; Bil. 17:8

**I. Maaari nating maranasan, matamasa, at ihayag si Kristo bilang pagkabuhay na muli—Juan 11:25:**

A. Upang mamuhay sa pagkabuhay na muli, dapat nating makita ang naihayag na katotohanan hinggil sa pagkabuhay na muli ni Kristo:

1. Si Kristo sa Kanyang pagkatao ay ipinanganak ng Diyos sa Kanyang pagkabuhay na muli upang maging panganay na Anak ng Diyos—Gawa 13:33; Roma 8:29b.
2. Lahat ng mananampalataya ni Kristo ay isinilang na muli ng Diyos Ama sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli ni Kristo para sa pagbubunga ng ekklesia bilang Kanyang Katawan, Kanyang pagpaparami—1 Ped. 1:3; Juan 12:24; 1 Cor. 10:17.
3. Si Kristo bilang huling Adam ay naging Espiritung nagbibigay-buhay—15:45b.
4. Kung wala nitong mga pangunahing aytem ng pagkabuhay na muli ng Panginoon (ang panganay na Anak bilang Ulo ng Katawan, ang maraming anak bilang mga sangkap ng Katawan, at ang Espiritu bilang esensiya at realidad ng Katawan), walang ekklesia, walang Katawan ni Kristo, at walang ekonomiya ng Diyos—cf. Col. 1:18; 1 Cor. 12:12; Efe. 4:4.

B. Ang Espiritu ay ang realidad ng Tres-unong Diyos, ang realidad ng pagkabuhay na muli, at ang realidad ng Katawan ni Kristo:

1. Ang realidad ng naprosesong Tres-unong Diyos ay ang napasukdol na Espiritu ng realidad—Juan 14:17; 15:26; 16:13; 1 Juan 5:6.
2. Ang realidad ng pagkabuhay na muli ay si Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay—Juan 11:25; 20:22; 1 Cor. 15:45b.
3. Ginagawa ng Espiritu ng realidad ang lahat ng bagay ng naprosesong Tres-unong Diyos na realidad sa Katawan ni Kristo—Juan 16:13-15.
4. Kung wala ang Espiritu, walang Katawan ni Kristo, walang ekklesia—Efe. 4:4.

C. Upang mapasarealidad ng Katawan ni Kristo, kailangan nating maging lubusang nasa pagkabuhay na muling buhay ni Kristo:

1. Ang ekklesia ay lubusang mula sa elemento ni Kristo, lubusang nasa pagkabuhay na muli, at lubusang nasa sangkalangitan—1 Ped. 1:3; Efe. 2:6; cf. Gen. 2:21-24.
2. Ang gintong patungan ng ilawan, na sumasagisag sa ekklesia bilang Katawan ni Kristo, ay naglalarawan kay Kristo bilang pagkabuhay na muling buhay, lumalago, nagsasanga, umuusbong, at namumulaklak upang isinag ang liwanag—Exo. 25:31-40; Bil. 17:8; Apoc. 1:11-12.

D. Ang umuusbong na tungkod ay nangangahulugang si Kristo, ang nabuhay na muling Isa, ay dapat maging ating buhay, ating pamumuhay, at pagkabuhay na muling buhay sa loob natin at na ang buhay na ito ay dapat umusbong, mamulaklak, at mamunga tungo sa paggulang—Bil. 17:1-11:

1. Pagkatapos magrebelde ng mga anak ni Israel, gaya ng nakatala sa Mga Bilang 16, inutusan ng Diyos ang labindalawang lider na kunin ang labindalawang tungkod ayon sa labindalawang lipi ng Israel at ilagay ang mga ito sa Tolda ng Patotoo sa harap ng Kaban; pagkatapos ay sinabi Niya, “Mamumulaklak ang tungkod ng lalaking Aking pipiliin”—17:5.
2. Lahat ng labindalawang tungkod ay walang dahon, walang ugat, tuyot, at patay; kung alin ang umusbong ay ang isa na pinili ng Diyos; makikita natin dito na ang pagkabuhay na muli ay ang batayan ng pagpili ng Diyos at na ang batayan ng paglilingkod ay isang bagay na hiwalay sa ating natural na buhay; sa gayon, ang umuusbong na tungkod ay sumasagisag sa ating karanasan kay Kristo sa Kanyang pagkabuhay na muli bilang pagtanggap ng Diyos sa atin para sa awtoridad sa ministeryong ibinigay ng Diyos.

3. Ang prinsipyo sa bawat paglilingkod ay nakasalalay sa umuusbong na tungkod; ibinalik ng Diyos ang lahat ng labing-isang tungkod sa mga lider subalit itinabi ang tungkod ni Aaron sa loob ng Kaban bilang isang walang hanggang paggunita; nangangahulugan ito na ang pagkabuhay na muli ay isang walang hanggang prinsipyo sa ating paglilingkod sa Diyos—bb. 9-10.
4. Ang pag-usbong ng tungkod ay isang nakapagpapakumbabang karanasan; ang isang tungkod ay sumasagisag sa pantaong posisyon, samantalang ang pag-usbong ay sumasagisag sa pagkabuhay na muling buhay; sa gayon, tanging ang mangmang na tao ang magiging palalo at magsasabi na siya ay mas magaling kaysa sa iba—cf. Marc. 11:9; 2 Cor. 3:5; 1 Ped. 5:5.
5. Ang pagkabuhay na muli ay nangangahulugang ang lahat ng bagay ay sa Diyos at hindi sa atin; nangangahulugan ito na ang Diyos lamang ang may kakayahan at na tayo ay walang kakayahan; lahat ng yaong nakikilala ang pagkabuhay na muli ay isinuko na ang pag-asa sa kanilang sarili; alam nila na hindi nila ito magagawa.
6. Hangga't nananatili ang natural na kalakasan, ang kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ay walang puwang para maipakita; hangga't makapagdadalantao si Sarah, hindi darating si Isaac—Gen. 18:10-15; 21:1-3, 6-7.
7. Ang magagawa natin ay nabibilang sa natural na kinasasaklawan, at ang imposible na magawa natin ay nabibilang sa kinasasaklawan ng pagkabuhay na muli; ang pagkabuhay na muli ay nagsasalita hinggil sa mga bagay na hindi natin maabot, na hindi natin magagawa sa ganang ating sarili—Mat. 19:26; Marc. 10:27; Luc. 18:27.
8. Dapat humantong ang isang tao sa katapusan ng kanyang sarili bago siya makumbinsi ng kanyang lubos na kawalang-kapakinabangan; kung hindi kailanman natanto ng isang tao ang kanyang sariling kawalang-kakayahan, hinding-hindi niya mararanasan ang kakayahan ng Diyos; ang pagkabuhay na muli ay nangangahulugang hindi natin ito magagawa at na ang Diyos ang Isa na gumagawa ng lahat ng bagay sa loob natin, sa pamamagitan natin, at para sa atin—cf. 2 Cor. 1:8-9; 4:7.
9. Ang maging Kristiyano ay hindi lamang mahirap—ito ay imposible; tanging ang naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos na nabubuhay sa loob natin bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritu ang maaaring maging Kristiyano; tanging ang Espiritu ang maaaring maging Kristiyano, at tanging ang Espiritu ang maaaring maging mandaraig.

E. Kapag hindi tayo namumuhay sa pamamagitan ng ating natural na buhay kundi namumuhay sa pamamagitan ng dibinong buhay sa loob natin, tayo ay nasa pagkabuhay na muli; ang bunga nito ay ang Katawan ni Kristo—Fil. 3:10-11:
1. Kailangan nating lahat na madisiplina ng Panginoon upang maging dibino at mistikong mga tao, ipinamumuhay ang dibinong buhay sa pamamagitan ng pagtatatwa ng ating natural na buhay—cf. Juan 3:8.
2. Anumang bagay na isinasagawa kahit naaayon sa Kasulatan subalit nasa natural na buhay ay hindi ang realidad ng Katawan ni Kristo—1 Cor. 3:12.

F. Upang makapamuhay sa pagkabuhay na muli, dapat nating makilala, maranasan, at matamo ang Diyos ng pagkabuhay na muli—2 Cor. 1:8-9:
1. Gumagawa ang Diyos sa pamamagitan ng krus upang tapusin tayo, upang dalhin tayo sa katapusan, nang sa gayon ay hindi na tayo magtiwala sa ating sarili kundi sa Diyos ng pagkabuhay na muli—b. 9.
2. Bagama't makapagsasagawa ang Diyos na buháy ng maraming gawa para sa tao, ang buhay at kalikasan ng Diyos na buháy ay hindi naisasagawa tungo sa tao; kapag gumagawa ang Diyos ng pagkabuhay na muli, ang Kanyang buhay at kalikasan ay naisasagawa tungo sa tao:
   a. Hindi gumagawa ang Diyos upang maipaalam ang Kanyang kapangyarihan sa mga panlabas na gawa kundi gumagawa upang ipamahagi at isagawa ang Kanyang sarili tungo sa tao—Gal. 1:15-16; 2:20; 4:19.

b. Ginagamit ng Diyos ang kapaligiran upang isagawa ang Kanyang buhay at kalikasan tungo sa loob natin—2 Cor. 4:7-12; 1 Tes. 3:3.
c. Upang makapamuhay sa pagkabuhay na muli at mabuoan ng Diyos ng pagkabuhay na muli, dapat tayong maiwangis sa larawan ni Kristo bilang panganay na Anak ng Diyos sa pamamagitan ng "lahat ng bagay"—Roma 8:28-29; Heb. 12:10; Jer. 48:11.
d. Ang pangunahing layunin ng pagdurusa sa sansinukob na ito, sa partikular kaugnay sa mga anak ng Diyos, ay yaong sa pamamagitan nito ay maisasagawa ang mismong kalikasan ng Diyos tungo sa kalikasan ng tao upang matamo ng tao ang Diyos sa pinakaganap na sukdulan.
e. Habang dumadaan tayo sa mga paghihirap, kailangang magkaroon ng patuloy na pagpapabago na nagaganap sa loob natin araw kada araw upang maisakatuparan ng Diyos ang nais ng Kanyang puso na gawin tayong ang Bagong Herusalem—Ezek. 36:26; 2 Cor. 4:16; 5:17; Apoc. 21:2.

3. Upang makapamuhay sa pagkabuhay na muli, dapat tayong mapabago araw kada araw sa pamamagitan ng pagiging napakain ng sariwang panustos ng pagkabuhay na muling buhay—2 Cor. 4:16.
4. Ang totoong buhay-Kristiyano ay ang maidagdag ang Diyos ng pagkabuhay na muli tungo sa loob natin sa umaga at gabi at araw kada araw—Col. 2:19; Roma 8:10, 6, 11.
5. Upang matanggap ang nagpapabagong kapasidad ng dibinong buhay sa pagkabuhay na muli, kailangan nating kaugnayin ang Diyos, buksan ang ating sarili sa Kanya, at hayaan Siyang pumasok sa atin upang maging bagong karagdagan sa loob natin araw kada araw—Fil. 2:12-13; 3:10-11; Awit 18 pamagat; 2 Cor. 4:10-12, 16; Tito 3:5; Efe. 4:23; 5:26.

**II. Maaari nating maranasan, matamasa, at ihayag si Kristo bilang butil ng trigo—Juan 12:24:**

A. Ang kaluwalhatian ng pagkadibino ni Kristo kalakip ang Kanyang dibinong buhay ay nakakubli sa loob Niya gaya ng sa isang butil ng trigo—bb. 23-24.
B. Habang ang kaluwalhatian ng Kanyang pagkadibino ay ikinubli ng balat ng Kanyang pagkatao, Siya ay nagipit at napigilan, nag-aasam na mabautismuhan ng bautismo ng Kanyang kamatayan para sa pagpapalaya ng kaluwalhatian ng Kanyang pagkadibino sa pamamagitan ng apoy ng Kanyang dibinong buhay—Luc. 12:49-50.
C. Ang pagpapalaya ng kaluwalhatian ng pagkadibino ni Kristo ay sa pamamagitan ng pagbabasag ng balat ng Kanyang pagkatao sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan—Juan 12:24:
   1. Siya ang namumukod-tanging butil na naglalaman ng Kanyang dibinong buhay kalakip ang Kanyang dibinong kaluwalhatian.
   2. Nang mabasag ang balat ng Kanyang pagkatao sa pamamagitan ng Kanyang pagkapako sa krus, lahat ng elemento ng Kanyang pagkadibino—ang Kanyang dibinong buhay at Kanyang dibinong kaluwalhatian—ay napalaya.
   3. Sa pakahulugang ito, ang Kanyang kamatayan ay itinuturing na nagpapalayang-buhay na kamatayan kalakip ang Kanyang kaluwalhatian na napalaya nang sabay.
D. Ang pagpapalaya ng kaluwalhatian ng pagkadibino ni Kristo ay ang Kanyang pagiging naluwalhati ng Ama kalakip ang dibinong kaluwalhatian sa Kanyang pagkabuhay na muli sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan—bb. 23-24; Luc. 24:26.
E. Nanalangin si Kristo sa Kanyang pantaong pamumuhay na Siya ay luwalhatiin ng Kanyang Ama, at sinagot ng Ama ang Kanyang panalangin—Juan 17:1; Gawa 3:13.
F. Inilipat ng gayong pagluluwalhati si Kristo mula sa yugto ng pagkakatawang-tao tungo sa yugto ng pagpapaloob, kung saan Siya, bilang huling Adam, ay naging Espiritung nagbibigay-buhay sa pagkabuhay na muli.
G. Sa pamamagitan ng Kanyang nagpapalayang-buhay na kamatayan at namamahaging-buhay na pagkabuhay na muli bilang butil ng trigo, dinala ni Kristo ang lahat ng Kanyang mananampalataya tungo sa isang paglalakip sa naprosesong Tres-unong Diyos:

*© 2024 Living Stream Ministry*

1. Ang Diyos sa Kanyang Dibinong Trinidad ay isang paglalakip—Juan 14:10-11.
2. Ang napasukdol na Tres-unong Diyos at ang isinilang na muling mga mananampalataya ay naging isang paglalakip sa loob ng pagkabuhay na muli ni Kristo—bb. 16-20.

H. Sa pagkabuhay na muli ni Kristo, ang napalaki, dibino-pantao, pansansinukob na paglalakip ng naprosesong Tres-unong Diyos sa isinilang na muling mga mananampalataya ay nagmula kay Kristo bilang nabagong-anyong butil ng trigo sa tatlong aspekto:

1. Ang unang aspekto ay ang bahay ng Ama para sa Kanyang kapahingahan, kasiyahan, at kahayagan—b. 2:
   a. Ang lahat ng mananampalataya kay Kristo ay ang mga tahanan sa bahay ng Ama—b. 2a.
   b. Itinatayo ang bahay ng Ama sa pamamagitan ng palagiang pagbisita sa mga tinubos na hinirang ng Ama at ng Anak kasama ang Espiritu—bb. 21, 23; Efe. 2:19-22; 3:16-19.
2. Ang ikalawang aspekto ay ang totoong puno ng ubas para sa paglaki, paglaganap, at pagluluwalhati ng Diyos—Juan 15:1-8, 16:
   a. Ang totoong puno ng ubas, bilang tanda ng nagpapaloob ng lahat na Kristo, ay ang organismo ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos.
   b. Ang mga pinaghugpong na sanga ay isinilang na muli ng dibinong buhay, dinala tungo sa pakikipag-isa sa buhay sa napako sa krus at nabuhay na muling Kristo, at inilakip sa naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos.
3. Ang ikatlong aspekto ay ang anak ng Espiritu, ang bagong tao, upang isagawa ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos—16:13-16, 19-22:
   a. Ang isang bagong anak, isang bagong tao, ay ipinanganak ng napasukdol na Espiritu—Efe. 2:15.
   b. Ang pagbibihis natin ng bagong tao sa pamamagitan ng pagiging napababago sa espiritu ng ating kaisipan sa kalaunan ay magpapasukdol sa Katawan ni Kristo, na magpapasukdol sa Bagong Herusalem—4:23-24.